
جمعية سبيلي

Jeddah Midwest Dawah Association

جمعية وسط وغرب جدة الأهلية

للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات



# ITO ANG ISLAM

هذا هو الإسلام

اللغة الفلبينية

# ITO ANG ISLAM

Tayo ba ay makatatagpo ng paliwanag tungkol sa dakilang sanlibutan? Mayroon bang mapaniniwalaang paliwanag ng mga lihim ng buhay? Nauunawaan natin na walang pamilya na maaaring mamuhay ng maayos kung walang mapagkakatiwalaang mamumuno, na walang lungsod na mananatiling maunlad kung walang maayos na pamamahala, at walang bansa na maliligtas kung walang anumang namumuno. Alam din natin na walang dumarating na anumang buhay sa pamamagitan ng kanyang sarili. Bukod duon, ating napapansin na ang sanlibutan ay nananatili at gumagalaw sa pinakamaayos na pamamaraan at ito ay nanatiling ligtas ng milyon-milyong taon. Kung gayon, maari din ba nating sabihin na ang lahat ng ito ay hindi inaasahan at walang kaayusan? Maaari ba nating ipalagay na nagmula ang pananatili ng tao at ng buong mundo sa isang pagkakataon lamang?

Ang tao ay bumubuo lamang ng napakaliit na bahagi ng malawak na sanlibutan. At kung makagagawa siya ng mga balak at unawain ang kabutihan ng pagpa-plano, samakatuwid, ang kanyang buhay at kaligtasan ng sanlibutan ay dapat ding ibatay sa isang binalak na patakaran. Ito ay nangangahulugan na mayroong isang nagplano sa likuran ng ating materyal na buhay, at may isang di-pangkaraniwang kapangyarihan na nagdadala ng mga bagay sa kaanyuan at nagpanatili sa kanila sa maayos na paggalaw.

Kung gayon, sa mundo ay dapat na magkaroon ng isang dakilang kapangyarihan na kumikilos upang ilagay ang lahat ng mga bagay sa kaayusan. Sa magandang kalikasan, dapat mayroong isang dakilang maylikha na humugis ng mga kaakit-akit na piraso ng sining at gumagawa sa lahat ng bagay ng may natatanging layunin sa buhay. Ang mga taong may malalim na kaliwanagan ay kumikilala sa maylikha na ito at tinatawag siyang Diyos, o “Allah”. Siya ay hindi tao sapagkat walang tao na maaaring lumikha o gumawa ng isa pang tao. Hindi siya isang hayop o isang halaman. Hindi rin siya isang diyus-diyosan o isang rebulto ng anumang uri sapagkat wala sa mga bagay na ito ang maaaring lumikha ng kanilang sarili o lumikha ng anupaman. Siya ay naiiba sa lahat ng mga bagay na ito, sapagkat Siya ang Maygawa at Tagapangalaga ng lahat. Ang may likha ng anumang bagay ay dapat na kakaiba at higit na dakila sa mga bagay na kanyang nilikha.

Maraming pamamaraan upang kilalanin ang tunay na Diyos, “Allah”, at maraming bagay na dapat ihayag tungkol sa Kanya. Ang mga kahanga-hanga at nakapupukaw damdamin na mga kababalaghan ng mundong ito ay tulad sa isang bukas na aklat na kung saan ay ating mababasa ang tungkol sa Diyos. Bukod

dito, ang Diyos mismo ay dumarating sa ating tulong sa pamamagitan ng maraming sugo at pahayag na kanyang ipinadala sa tao. Ang mga sugo at pahayag na ito ang magsasabi sa atin ng lahat ng mga bagay na kailangan nating malaman tungkol sa Diyos.

Ang buong pagtanggap ng mga aral at patnubay ng Diyos "Allah" ayon sa ipinahayag sa Kanyang huling Sugo na si Muhammad (Sumakanya Nawa ang Kapayapaan) ay ang relihiyon ng Islam. Ang Islam ay naguutos ng pananampalataya sa kaisahan at dakilang kapangyarihan ng Diyos, na siyang nagbigay sa tao ng kamalayan tungkol sa kahulugan ng sanlibutan at ang kanyang kaugnayan dito. Ang paniniwalang ito ay nagliligtas sa kanya sa lahat ng pagkatakot at pamahiin sa pamamagitan ng kanyang kaalaman na may dakilang Allah at ang tungkulin ng tao sa Kanya. Ang pananampalatayang ito ay dapat na ipahayag at sulitin sa gawa. Ang pananampalataya lang ay hindi sapat. Ang paniniwala sa nag-iisang Diyos ay nangangailangan na masdan natin ang buong sangkatauhan bilang isang pamilya sa ilalim ng pangkalahatang kapangyarihan ng Diyos, ang Maylikha at Tagapagtaguyod ng lahat. Tinututulan ng Islam ang kaisipan na may mga piling tao. Ang paniniwala sa iisang Diyos at pagkilos ayon sa kanyang batas ang siya lamang daan sa langit,. Kaya, ang tuwirang ugnayan sa Diyos ay naitatatag ng walang tagapamagitan

Ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon. Ito, sa kabuuan, ang magkakatulad na mensahe at patnubay na ipinahayag ng Allah sa lahat ng mga propeta: Adam, Noah, Abraham, Ismael, Isaac, David, Moses at Hesus, nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay sumakanilang lahat na mga propeta. Ngunit ang mensahe na ipinahayag kay Propeta Muhammad (Sumakanya Nawa ang Kapayapaan) ay Islam sa pinakamalawak, buo at panghuli nitong anyo.

Ang salitang "Islam" ay nangangahulugan ng "pagsunod sa Kagustuhan ng Diyos". Kaya, sinumang isinusunod ang kanyang kagustuhan sa kagustuhan ng Maylikha ay itinuturing sa simula na isang "Muslim".

Ang Quran ang huling ipinahayag na salita ng Allah at mapananaligang pinagmulan ng mga Islamikong aral at batas. Ang Quran ay tumutukoy sa batayan ng pananampalataya, moralidad, kasaysayan ng sangkatauhan, pagsamba, kaalaman, karunungan, ugnayang Diyos-tao, at ugnayang pantao sa lahat ng anyo. Malawak na katuruan, na kung saan maaaring itatag ang tumpak na sistema ng katarungang panlipunan, pangkabuhayan, pulitika, paggawa ng batas, karapatang humatol, batas at pandaigdigang ugnayan, ay mahahalagang nilalaman ng Quran. Ang Hadith, mga aral, kawikaan at gawain ni Propeta

Muhammad (Sumakanya Nawa ang Kapayapaan), na buong ingat na isinalaysay at tinipon ng kanyang tapat na kasama, ang naglilinaw at nagpapaliwanag ng mabuti ng mga talata ng Quran.

## Mga Haligi ng Pananampalataya sa Islam

Ang tutoo at tapat na Muslim ay naniniwala sa mga sumusunod na pangunahing haligi ng pananampalataya:

1. Siya ay naniniwala sa Nag-iisang Tunay na Diyos, "Allah", ang Kataas-taasan at Walang Katapusan, Walang Hanggan at Pinakamakapangyarihan, Maawain at Mahabagin, Maylikha at Tagapangalaga.
2. Siya ay naniniwala sa lahat ng mga sugo ng Diyos ng walang pagtatangi sa kanila. Bawat kilalang bansa ay nagkaroon ng tagapagbabala o sugo mula sa Diyos. Sila ay pinili ng Diyos upang turuan ang sangkatauhan at ihatid ang kanyang banal na mensahe. Ang Quran ay bumangit ng pangalan ng dalawampu't-lima sa kanila. Kabilang sa kanila ay sina Noah, Abraham, Moses at Hesus. Si Muhammad ang tumatayong huling sugo at ang pinakaputong ng kapurihan sa pundasyon ng pagiging sugo.
3. Ang mga Muslim ay naniniwala sa lahat ng mga kasulatan at kapahayagan ng Diyos. Ang mga ito ang patnubay na ilaw na tinanggap ng mga sugo upang ipakita sa kani-kanilang mga tao ang tamang landas tungo sa Diyos. Sa Qur'an, isang natatanging pagtukoy ang ginawa sa Torah, sa Ebanghelyo at mga kasulatan ni Abraham, Moses, David at Hesus. Ngunit sa matagal na panahon bago ipahayag ang Qur'an kay Muhammad, ilan sa mga aklat at kapahayagan na ito ay nawala o hindi na mapagkakatiwalaan. Ang tanging tunay at buong aklat ng Diyos na nananatili ngayon ay ang Qur'an.
4. Ang tunay na Muslim ay naniniwala sa mga anghel ng Allah. Sila ang mga purong espirituwal at katangi-tanging mga nilikha na ang kalikasan ay di-nangangailangan ng pagkain o inumin o pagtulog. Ginugugol nila ang kanilang mga araw at gabi sa pagsamba sa Diyos.
5. Ang mga Muslim ay naniniwala sa Huling Araw ng Paghuhukom. Darating ang katapusan ng mundong ito balang araw at ang mga patay ay babangon upang tumindig sa kanilang huli at makatarungang paglilitis. Ang mga taong may mabubuting talaan ay lubos na gagantimpalaan at magiliw na tatanggapin sa Paraiso ng Allah, at yaong may mga masamang talaan ay paparusahan at itatapon sa impiyerno.

6. Ang mga Muslim ay naniniwala sa walang hanggang karunungan ng Diyos at sa Kanyang kapangyarihan na magplano at isakatuparan ang kanyang mga plano. Sila ay naniniwala na walang maaaring mangyari sa Kanyang kaharian ng laban sa Kanyang kagustuhan. Ang Kanyang karunungan, kapangyarihan at kautusan ay kumikilos sa lahat ng sandali sa Kanyang mga nilikha. Siya ay marunong at maawain at anuman ang Kanyang gawin ay may makahulugang layunin, Kapag ito ay naitatag sa ating mga kaisipan at puso, dapat nating tanggapin ng may mabuting pananampalataya ang lahat ng Kanyang ginagawa, bagamat maari tayong mabigo na maunawaan ito ng ganap.

## Ang Limang Haligi ng Islam

Ang pananampalatayang walang pagkilos at pagsasagawa ay isang walang buhay na wakas, ayon sa kaalaman ng Islam. Ang likas na pananampalataya ay napaka-sensitibo at maaaring maging mas mabisang tagapag-udyok sa ating mga buhay. Kapag ito ay walang pagsasanay, o di ginagamit, agad na nawawala ang kanyang sigla at lakas na mangganyak.

## May Limang Haligi ang Islam

1. Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya: Ang pagsaksi na walang ibang Diyos na nararapat na sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Kanyang sugo sa lahat ng sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang pagiging Propeta ni Muhammad ang nagbigay tungkulin sa mga Muslim upang sundan ang Kanyang ulirang buhay bilang isang huwaran.

2. Pagdarasal: Ang araw-araw na pagdarasal ay iniaalay limang ulit sa isang araw bilang tungkulin kay Allah. Pinalalakas at binubuhay nito ang paniniwala sa Allah at nagbigay-inspirasyon sa tao tungo sa mas mataas na moralidad. Pinadadalisay nito ang puso at iniiwas sa tukso tungo sa paggawa ng kamalian at kasamaan.

3. Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan: Sa buwan ng Ramadan, ang mga Muslim ay hindi lamang umiiwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik mula bukang liwayway hanggang paglubog ng araw kundi pati na din sa masasamang intensiyon at pagnanasa. Ang pag-aayuno ay nagtuturo ng pagibig, katapatan at debosyon. Ito ay tumutulong upang paunlarin ang isang malusog na konsiyensiyang panlipunan, pagtitiis, pagbibigay, at lakas ng isipan.

4. Zakah – Ang literal at simpleng kahulugan ng Zakah ay kadalisayan. Ito ay kawanggawa at patuloy na tulong na ibinibigay ng mayamang Muslim sa mahihirap at nangangailangang Muslim taun-taon.

5. Hajj (Paglalakbay sa Makkah) – Ito ay dapat gampanan minsan man lamang sa buong buhay, kung ito ay makakayanan kapwa ng pananalapi at ng pisikal.

Sa mga nabanggit, maliwanag na ang relihiyong Islam ay angkop para sa lahat ng nilikha ng Diyos. Sinabi ng Diyos sa Qur'an: "O kayong mga nananampalataya! Tuparin ninyo ang inyong mga tungkulin sa Diyos nang wasto, nang nararapat sa Kanya, at huwag kayong mamatay maliban sa kayo ay mga Muslim!" Ginawa ng Diyos na maliwanag ang inyong mga balak na layunin at landas sa buhay na ito. Isuko ninyo ang inyong kagustuhan sa kalooban ng Maylikha at Tagapanatili ng mga kalangitan at kalupaan. Kaya, inaanyayahan namin kayo na maging isang "Muslim" at ipahayag: Ako ay naniniwala kay Allah (Diyos), ang Maylikha ng sanlibutan at ako ay naniniwala sa Kanyang huling propeta, Propeta Muhammad. Kapag nabigkas na ang pahayag na ito at isinakatuparan ang kahulugan nito, ikaw ay magiging isa sa mga nagwagi ng Paraiso.

Bilang pagtatapos, kami ay mananalangin kay Allah, ang Diyos na Pinakadakila, na patnubayan ang sangkatauhan sa Kanyang landas.

---

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa Islam, maaari kayong makipag-ugnayan sa tanggapang makikita sa ibaba o sa pinakamalapit na samahang Muslim o tanggapan sa inyong bayan.


920008669
0558845030
www.jeddawa.sa
JedDawaSA
مسجلة في المركز الوطني لتنمية القطاع غير الربحي برقم (٣١٩٧)
SA6780000223608010010008
SA0510000013149477000102